WWW.CCM.TODAY

# HOME GROUP



C
C
M

HG LEADER
CG LEADER
AREA ELDERS

# Message

Church, isang pribilehiyo ang maging bahagi ka ng core group ng Home Group, dahil ito ay isang mahalagang hakbang ng pagsunod sa Great Commission ng ating Panginoong Hesu Kristo, ayon sa Mateo 28:18-20. Ang Home group ay isang gawain na nagsimula pa noong panahon ng early church, gaya ng makikita sa Gawa 2:42-47.



Sa pamamagitan nito, maisasakatuparan natin ang ating vision: ‘*To have thousands of dedicated Connect Group leaders of the Lord Jesus Christ transforming lives for the glory of God*!’

Ngayon pa lang, binabati ko na kayo—mga Home Fellowship Leaders, Connect Group Leaders, at Area Elders. Ang Panginoon mismo ang gagabay sa inyong Home Group!

Pastor Wesley Bacate

## WHAT IS HOME GROUP

**Ang Home Group ay isang biblical discipleship activity na layuning maabot ang mga unchurched individuals at families para kay Christ.**
**It works hand in hand with the Connect Group to foster spiritual growth and community.**

# CCM's Guidelines for Starting a Home Group

## 1. PURPOSE AND GOALS

Ang home fellowship ay pinagsamang discipleship, pag-aaral ng Biblia, at fellowship na may layuning tuparin ang mission at vision ng ating church, CCM.

## 2. WHO CAN START A HOME GROUP?



Ang bawat mananampalataya ay maaaring magsimula ng home fellowship sa suporta ng Connect Group leaders at Area Elders. **Sila ang magiging core group ng home group.**

**Mga Hakbang sa Pagsisimula:**

- Dapat makipag-meeting ang home group leader sa kanyang Connect Group Leader at Area Elders upang pag-usapan ang uumpisahang home fellowship.



- **Layunin ng meeting:**
  a. **Ipanalangin** ang bagong home group at ang mga inimbitang members.
  b. **Piliin** ang tahanan na magho-host ng fellowship (siguraduhin ang pagsang-ayon ng lahat ng kasama sa bahay, tulad ng magulang at mga anak).
  c. **Magtakda** ng iskedyul (araw at oras ng pagkikita).
  d. **Maglaan** ng pondo (mula sa discipleship fund o personal na ambag).

## 3. TOOLS TO BE USED

**Lahat** ng Home group ay dapat gumamit ng Connect Group Discipleship tools. Ngunit habang tumatagal, maaaring magdagdag ang mga lider ng ibang paksa ayon sa nakikitang pangangailangan ng grupo para sa kanilang espirituwal na paglago.
**Tandaan:** Kung preaching type o classroom type ang gagamitin, huwag lalampas sa 20 minuto at sundan ito ng group discussion.

# 4. HOME GROUP PROGRAM



**Before Meeting:**

- Magpadala ng prayer request sa group chat or any community para sa home group. Halimbawa:
- Pakisama sa panalangin ang aming home group sa bahay ni Sister Myra bilang Home Group Leader, at Sis Mhira bilang connect group leader, kasama sina Brother Joe at Brother Eman bilang Area Elders. Ang aming target attendees ay sina Allan at kanyang asawa, Marie at kanyang asawa, at George.

**First Meeting program:**

1. **Pagpapakilala** – Ipakilala ang Home FGroup leader, Connect Group Leader, at Area Elders.
2. **Maikling Testimony ng Kaligtasan** – Magbahagi ng patotoo ang host o isang miyembro.
3. **One-Verse Evangelism** (OVE) – Ipakita ang Roma 6:23 gamit ang TV, Manila paper, o whiteboard.

Note: Pagkatapos imbitahan na tanggapin si Jesus Christ - (OPTIONAL) pwede nyong i open ang tanong sa kanila sa topic na inyong pinagusapan.

4. **Announcement** – Ipaalam ang iskedyul ng susunod na meeting.
5. **Prayer and food** – Ipanalangin ang attendees at ang pagkain.

**Second, third, and subsequent meetings:**

1. **Pagbabahagi** ng Blessings – Magbahagi ng testimony ang host, Connect Group Leader, o Area Elders sa nakaraang lingo na konektado sa Book One, Lesson One.
2. **Kumustahin** ang Salvation Experience – Tanungin ang attendees tungkol sa kanilang karanasan sa kaligtasan. Makinig nang mabuti upang matukoy ang susunod na hakbang:
    - Kung kailangang i-review ang OVE: Ulitin ang One-Verse Evangelism at bigyang-diin ang Efeso 1:13-14.
    - Kung handa na para sa discipleship: Ituloy ang Book One, Lesson One gamit ang mga printed copies and TV presentation.
3. Pagpapakilala ng Worship Song – Magsimula ng simpleng kanta na madaling sundan sa ikaapat na meeting (isa lamang na kanta).



## 5. HOW TO ENGAGE ATTENDEES

- Personal na Pagbisita – Mag-imbita nang personal at mamigay ng flyers.
- Social Media Outreach – Gumamit ng digital platforms upang manatiling konektado at hikayatin ang iba.

## 6. REGULAR EVALUATION OF THE HOME GROUP

Mga Tanong na Dapat Sagutin:

- Ano ang dapat pagbutihin?
- Ano ang dapat panatilihin?
- Ano ang dapat alisin?

## FINAL REMINDER



Ang ating tungkulin ay sumunod sa utos ng Diyos. Siya mismo ang nagliligtas, nagbabago ng buhay, at nagpapala. Ang ating responsibilidad ay tapat na sundin Siya.

Hayaan nating gawin ng Diyos ang Kanyang gawain—tayo ay susunod lamang!